

Hindi lamang sa pagsasalita ang pakikipag-usap (Communication is not just speech)

Lahat ng tao ay may gustong ipahayag. Ang matagumpay na pag-uusap ay may dalawang tao o mahigit pa na nag-sasagutan. May mga tao ring maaaring nangangailangan ng tulong sa pag-iintindi at pagbibigay ng mga mensahe.

Bakit di-sapat ang pag-uusap lamang ?

- Ang pagsasalita ay nakasalalay sa pagdingig at pag-unawa sa sinasabi
- * May mga taong mas madali ang pag-unawa at pagkatuto kung nakikita at napapakinggan nila ang kausap



Ano ang mga iba pang paraan sa pakikipag-usap?

- Paggamit ng mga kilos o 'body-language'
- Paggamit ng mga sinyales
Paggamit ng mga larawan, litrato at bagay-bagay
- Paggamit ng kompyuter
- Pakikipagtalakayang elektroniko

Bakit nakakatulong na gamitin ang mga paraang ito bukod sa pagsasalita?

- Dahil lalong nagiging malinaw ang pag-uusap
- Magagawang maiksi at madali ang mga pangungusap
- Nakikita nang mas matagal kaysa sa mapapakinggan lamang ang tinutukoy
- Nagbibigay daan sa pag-unlad ng pag-uusap at wika
- Nagbibigay ng mga ibang paraan sa pakikipag-usap – kaya naiiwasan ang pagkabigo
- Maaari ring madisenyo upang bumagay sa gumagamit.nito

Magtanong sa inyong speech pathologist
tungkol sa ibat-ibang paraan ng pakikipag-usap ngayon!